Kabanata 1

Aking Minamahal

"Nagpapasalamat ako sa Diyos na aking pinaglilingkuran nang may malinis na budhi, tulad ng paglilingkod ng aking mga ninuno. Kapag ako ay nananalanging may paghiling gabi at araw, lagi kitang naaala-ala. Kapag naaala-ala ko ang iyong mga luha, labis akong nananabik na makita ka upang mapuspos ako ng kagalakan."
—2 Kay Timoteo 2-4

Mahal na Kapatid kay Kristo,

Ang aklat na ito ay iyong binabasa ngayon dahil sa ito ay itinakda ng Diyos. Narinig ng Diyos ang iyong paghingi ng tulong, katulad ng pagdinig Niya sa akin. Ang mga sumusunod na pahina ay magsisilbing gabay mo, katulad ng pag-gabay Niya sa akin kahit na lahat ng tao ay sinasabing wala ng pag-asa.

Ang ipinagawa Niya sa akin ay hindi madali, at hindi rin magiging madali ito para sa iyo. Ngunit kung gusto mo ng milagro o himala sa iyong buhay, ito ay mangyayari. Kung gusto mo ng testimonya na iyong maibabahagi sa iba tungkol sa katapatan ng Diyos, ito ay mangyayari. Kung talagang gusto mong buoin ng Diyos ang iyong buhay may-asawa na wala ng pag-asa, ituloy mo ang pagbabasa. Kayang buoin at bubuoin ng Panginoon ang iyong pamilya, katulad ng pag-buo Niya ng aking pamilya.

Ayon sa Bibliya, "Minamasdan Niya ang buong daigdig upang tulungan at aliwin ang lahat ng tapat sa Kanya" (2 Cronika 16:9). Hinahanap ka Niya upang tulungan. Handa ka na ba?

Kailangan mong maging masunurin. Kailangan mong pasukin "ang makipot na tarangkahan at makitid na daan ay patungo sa buhay. Kakaunti ang mga nakakasumpong nito" (Mateo 7:14). Nasasaiyo kung susundan mo ang Kanyang makitid na daan o tatalikuran mo.

Eto na ang panahon para pumili. "Saksi ko ang langit at ang lupa na ngayo'y inilahad ko sa inyo ang buhay o kamatayan, at ang pagpapala o sumpa. Kaya, piliin ninyo ang buhay para kayo at ang inyong lahi ay magtagal. Ibigin ninyo si Yahweh, makinig sa kanyang tinig at manatiling tapat sa kanya. Sa gayon, mabubuhay kayo nang matagal . . ." (Deuteronomio 30:19-20).

Kung patuloy mo pa ring binabasa ang aklat na ito at hindi mo pa isinasantabi, pinili mong magpatuloy. Ako ay naiiyak dahil naiisip ko ang maluwalhating pagkabuo ng iyong buhay may-asawa at pamilya. Ipinagdarasal ko na biyayaan ang bawat isa sa inyo. Alam ko na balang araw, tayo ay magkikita-kita sa mundong ito o sa "Langit" kung saan wala ng luha.

Mahal na kapatid kay Hesukristo, kayang buoin at bubuoin ng Diyos ang iyong buhay may-asawa: mapanghahawakan mo ang Kanyang Salita ukol dito. "Sumagot si Jesus sa kanila: Katotohanang sinasabi ko sa inyo: Kung kayo ay may pananampalataya at hindi mag-aalinlangan, hindi lamang ang nangyari sa puno ng igos ang magagawa ninyo. Ngunit magagawa rin ninyong sabihin sa bundok na ito: 'Umalis ka

riyan at bumulusok ka sa dagat at mangyayari ito'" (Mateo 21:21).

Dahil sa binabasa mo ang librong ito, ipinagpapalagay ko na may krisis sa iyong buhay may-asawa. Iniwan ka ba ng iyong asawa? Iniwan mo ba ang iyong asawa or pinaalis mo ba iyong asawa? Maaring nakuha mo ang librong ito bago ang isa sa inyo ay nag-desisyong umalis. Kahit na napag-usapan na ang paghihiwalay o diborsyo sa isang argumento, o naipasa na ang mga papeles ukol sa diborsyo, o ang diborsyo ay nangyari na, dapat mong paniwalaan na "Ang lahat ng mga bagay ay magkakalakip-lakip na gumagawa para sa kabutihan nila na mga *umiibig* sa **Diyos**, sa kanila na mga tinawag ng Diyos ayon sa ***kaniyang* layunin**" (Mga Taga-Roma 8:28).

Habang pinagdadaanan mo ang personal na pagsubok sa iyong magulong buhay may-asawa, kung talagang gusto mong maayos lahat, dapat mo munang mahalin ang Diyos at tanggapin ang **Kanyang** hangarin sa iyong buhay.

Sa ngayon, ang Kanyang nais ay mapalapit ka sa Kanya, hayaan mo Siyang baguhin ka ayon sa Kanyang imahe. Huwag kang matakot, pagka't ayon sa Kanya "kailanman ay hindi kita iiwan at kailanman ay hindi kita pababayaan" (Hebreo 13:5).

Di aalis sa tabi mo ang Diyos: "Kahit na ang daang iyo'y tumatahak sa karimlan, hindi ako matatakot pagkat ***ikaw'y*** *kaagapay*" (Mga Awit 23:4).

Sigurado ako na ang "daan na tumatahak sa karimlan" ang naglalarawan ng iyong nararamdaman tungkol sa iyong sitwasyon, pero *pinahintulutan* ng Diyos ito para **sa iyong kabutihan.**

Pagkatapos lamang nito ikaw kikinang na parang ginto. "Ito ang inyong ikinagagalak bagamat, ngayon sa sandaling panahon kung kinakailangan, ay pinalulumbay kayo sa iba't ibang pagsubok. Ito ay upang ang pagsubok sa inyong pananampalataya, na lalong higit na mahalaga kaysa ginto na nasisira, bagaman sinusubok sa pamamagitan ng apoy, ay masumpungan sa ikapupuri, ikararangal at ikaluluwalhati ni Jesucristo sa kaniyang kapahayagan" (1 Pedro 1:6-7).

Ang pinakamahalagang dapat mong gawin ngayon ay "mapanatag at dapat na malaman na Ako ang inyong Diyos" (Mga Awit 46:10). Pagkatapos, sundin mo ang nais ng Panginoon. Siguraduhin mo na lahat ng iyong gagawin at sasabihin ay sang-ayon sa Banal na Salita; siguraduhin mo na lahat ay ayon sa Bibliya.

Hindi nais ng Diyos na masira ang pagsasama ninyong mag-asawa. Alalahanin mo na si Hesus mismo ang nagsabi na "dahil dito, iiwanan ng lalaki ang kaniyang ama at ina at makikisama sa kaniyang asawa. Silang dalawa ay magiging isang laman. Kung anuman ang ipinagbuklod ng Diyos, walang sinuman ang makapaghihiwalay" (Mateo 19:5). Isa pa, " 'Nasusuklam ako sa naghihiwalay,' sabi ni Yahweh, ang Diyos ng Israel. 'Napopoot ako sa taong malupit sa asawa. Kaya't huwag kayong magtataksil sa inyong asawa'" (Malakias 2:16).

Si Satanas ang syang may gustong masira ang iyong buhay may-asawa, hindi ang Panginoon, hindi ang Diyos. Alalahanin mo na "ang magnanakaw (ang demonyo) ay hindi pumarito malibang siya ay magnakaw, pumatay at maminsala. Ako ay narito upang (ikaw) ay magkaroon ng buhay at magkaroon nito na may lubos na kasaganaan" (Juan 10:10). Huway mong paniwalaan ang mga kasinungalingan ng demonyo, ngunit "alipinin ang **bawat** kaisipan patungo sa pagsunod kay Kristo" (2 Mga Taga-Corinto 10:5).

Huwag mo siyang hayaan nakawin ang iyong asawa. Huwag mo siyang hayaan na sirain ang iyong pamilya, ang iyong buhay at ng iyong mga anak at nakawin ang iyong kinabukasan. Paniwalaan mo ako

at ang iba pa na makapagsasabi sa iyo, base sa aming mga karanasan na sisirain ng paghihiwalay o diborsyo ang iyong mga anak at ang kanilang kinabukasan, pati na iyong kinabukasan.

Sa halip ay sundin mo ang kagustuhan ng Diyos. Hayaan mo Siyang maging iyong asawa habang hinihintay mo ang pagkabuo muli ng inyong pagsasama ng iyong asawa. "Sapagkat ang iyong naging kasintaha'y Ang may likha sa iyo . . ." (Isaias 54:5). "'Maguguho ang mga bundok at ang mga burol, Ngunit ang pag-ibig ko'y hindi maglalaho, At mananatili ang kapayapaang aking pangako.' Iyan ang sinasabi ng Diyos na si Yahweh, Na nagmamahal sa iyo" (Isaias 54:10).

Basahin mo mabuti ang Bibliya, hayaan mo Siyang "hugasan ka ng tubig at Salita" (Eph 5:26). Magdasal ka at paniwalaan ang sinasabi ng Banal na Salita at hindi ng iyong nakikita: "Ang pananampalataya ay ang katiyakan sa mga bagay na ating inaasahan. Ito ang katunayan ng mga bagay na hindi **natin nakikita**" (Hebreo 11:1). "Ngunit kung walang pananampalataya, walang sinumang tunay na makakapagbigay-lugod sa (Diyos) . . ." (Hebreo 11:6).

Wala ng iba, maliban sa Diyos, ang nakakaalam kung anuman ang iyong pinagdaraanan at ang mga kasagutan na kailangan mo ngayon. Kapag nagdadasal ka, kausapin mo ang Diyos at pakinggan mo Siya, basahin mo ang Kanyang mga Salita sa Bibliya. Aakayin ka Niya sa tagumpay na inalaan Niya para sa iyo. Huwag mong piliing sundin ang kung anumang sinasabi ng iba—mga taong "nasa mundo," mga kaibigan sa simbahan, mga pastor, o mga taga-payo na magsasabi sa iyo ng mga bagay na narinig o nabasa nila. Kung ikaw ay nagdarasal at nagbabasa ng Salita ng Diyos, mangungusap sa iyo ang Diyos, sa iyong puso habang nagbabasa ka ng Bibliya; maaari ring may isang tao na **magpapatunay** sa direksyon kung saan ka **Niya** ginagabayan, na naayon sa Kanyang mga Salita!

Maraming tao, Kristiyano o hindi, na magsasabi sa iyo ng mga bagay na masarap pakinggan at masarap ang pakiramdam sa katawan. Nguni't kapag ito ay hindi alinsunod sa Banal na Salita, **ito ay mali!** Ikaw ay parang nasa kumunoy. "Mapalad ang taong hindi naaakit niyong masasama, Upang sundan niya ang kanilang payo't maling halimbawa; Hindi sumasama sa sinumang taong ang laging adhika'y Pagtawanan lamang at hamak-hamakin ang Diyos na dakila" (Mga Awit 1:1). Kapag ito ay mula sa Diyos, malamang ito ay ituring na kabaliwan (katulad ng paniniwala sa iyong buhay may-asawa kahit na pinapayuhan ka na ng iba na "iwanan na ito o talikuran") at lagi nito kailangan ang tulong ng Banal na Espiritu upang ito ay maisakatuparan.

Huwag kang padalos-dalos sa pagkilos. Madalas ang Diyos ay nagsasabing "Maghintay!" Kadalasan, sa iyong paghihintay, binabago ng Diyos ang kalagayan. Ang sabi ng Diyos, Siya ang "Kahanga-hangang Taga-payo" (Isaias 9:6). Ayaw mo ba ng pinakamagaling? Di mo ba gugustuhin ang isang taga-payo na nakakaalam ng kinabukasan? Siya na kayang panumbalikin ang puso't pagmamahal ng iyong asawa? Tanging Isa lang ang makakapagturo sa iyo sa tamang daan. Magtiwala ka sa Kanya at sa Kanya lamang! MAS MARAMING sirang pamilya sa loob ng simbahan kesa sa labas, kaya huwag mong sundin sinumang Kristiyano, Kristiyanong tagapayo o pastor na nagbibigay ng payo mula sa mundo, at hindi mula sa Diyos.

Nakakalungkot isipin na napakaraming pagsasama o pamilya ang sinira ng *Kristiyanong may-asawa taga-payo*. Hinahayaan nila ikaw at ang iyong asawa na magsalita tungkol sa inyong nakaraan na hindi na dapat pang sabihin o pag-usapan. Ang mga malulupit o masasakit na salita ay kasinungalingan ng demonyo or makamundong damdamin. At pagkatapos marinig ng taga-payo o consehal ang mga pinasabi niya sa iyo, sasabihin niya na wala ng pag-asa ang iyong kalagayan!

Kung sinuman (pati na ang iyong asawa) ang nagsabi sa iyo na ang iyong kalagayan ay wala ng pag-asa, pasalamatan mo ang Panginoon. Sa mga walang pag-asang kalagayan, ipinapakita ng Panginoon ang Kanyang kapangyarihan! "Para sa mga tao, hindi ito maaring mangyayari, ngunit **sa Diyos** ang LAHAT

ng mga bagay ay maaaring mangyari!" (Mateo 19:26).

Kumilos ayon sa Diyos. At huwag mong paniwalaan na kung wala ang tulong o kooperasyon ng iyong asawa, di maliligtas or magbabago ang iyong buhay may-asawa. Ang aming ministro ay binuo ng at para sa mga taong nag-iisang kumikilos para sa restorasyon ng kanilang pamilya! Ang tanging kailangan ay ang iyong puso at ang lakas ng Panginoon. "Minamasdan Niya ang buong daigdig upang tulungan at aliwin ang lahat ng tapat sa Kanya" (2 Cronika 16:9).

Nagkaroon ako ng pribilehiyo na "pagpayuhan" ng Dakilang Taga-payo at nais ko ibahagi ang ilan sa mga sinabi Niya sa akin sa pamamagitan ng Kanyang Salita. Walang dalawang kalagayan ang parehong-pareho; pero, ang Kanyang Salita ay angkop sa lahat. "Purihin ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesucristo. Siya ang Ama ng kahabagan at Diyos ng lahat ng kaaliwan. Siya ang nagbibigay sa amin ng kaaliwan sa lahat ng aming kahirapan. Ito ay upang maaliw namin silang mga nasa kahirapan sa pamamagitan ng kaaliwan na kung saan inaliw kami ng Diyos" (2 Mga Taga-Corinto 1:3-4).

Saliksikin ang Kanyang Salita, pagkatapos mo magdasal. "Humingi kayo at ito ay ibibigay sa inyo. Maghanap kayo at makakasumpong kayo. Kumatok kayo at ito ay bubuksan sa inyo" (Mateo 7:7). "Kung ang sinuman sa inyo ay kulang sa karunungan, humingi siya sa Diyos at iyon ay ibibigay sa kaniya. Ang Diyos ay nagbibigay nang masagana sa lahat at hindi nagagalit. Subalit ang humihingi'y dapat manalig at huwag mag-alinlangan; sapagkat ang nag-aalinlangan ay parang alon sa dagat na itinataboy ng hangin kahit saan. Huwag umasang tatanggap ng anuman mula sa Panginoon ang taong pabagu-bago ng isip at di alam kung ano talaga ang ibig" (Santiago 1:5-7).

Dapat meron kang pananampalataya! At saan mo kukunin ang pananampalataya? Sa Kanya! Humingi ka sa Kanya ng karagdagang pananampalataya. "Ang bawat mabuting pagbibigay at bawat ganap na kaloob ay mula sa itaas . . ." (Santiago 1:17).

Ang Salita ng Diyos, ang Kanyang mga Prinsipyo

Minamahal, kahit na alam na alam mo ang Bibliya o hindi mo pa ito nababasa kahit kailan, TANGING ang Bibliya ang dapat mong maging gabay sa pagbuo ng iyong pamilya. Itong aklat na iyong binabasa ay nagtataglay ng lahat na mga talata na ginamit ng Panginoon upang gabayan ako sa apoy ng pagsubok patungo sa aking restorasyon.

Ipinakita sa akin ng Panginoon na marami akong nilabag na prinsipyo sa pagsasama ng mag-asawa, at ipinakita Niya rin ang iba ko pang mga kasalanan na hindi ko batid o hindi ko pa napagtukuyan ng pansin (sa pamamagitan ng pagsisisi). Ang lahat na mga kasalanan at paglabag na ito ay nagdulot ng pagkasira na aking buhay may-asawa.

Pareho rin ito sa inyong LAHAT na buhay may-asawa ay sira-sira or wasak na ng tuluyan, pati na rin ikaw. Iyo ring malalaman, kung hindi mo pa alam, na HINDI ang iyong asawa lamang ang lumabag sa mga prinsipyo ng Diyos. Iyong malalaman, katulad ko, na marami ka ring nagawa na ikinasira ng iyong buhay may-asawa. Ang pang-unawang ito ay magiging susi sa iyong pagtanggap sa iyong mga kasalanan, hindi ng sa iyong asawa.

Ang mga kaalaman na natutunan ko sa pauulit-ulit na pagbabasa ng mga talata ng Kanyang mga Salita na ipinapahayag sa akin ng Panginoon ay nakatulong sa aking pag-unawa kung ano talaga ang Bibliya at ito ang kinakailangan ko sa aking buhay—ang aking gabay. Ang Bibliya ay puno ng mga batas espiritwal na Kanyang ginawa. Nang nilikha ng Diyos ang mundo, hindi Niya lamang ito ginawa kasama ang mga batas pisikal, katulad ng batas ng kabigatan (*Law of gravity*), ginawa Niya rin ito kasama ang mga batas espiritwal.

Katulad ng paglabag sa batas pisikal ng kabigatan na ang kahihinatnan ay ang ating pagkatumba o ang pagbagsak ng isang bagay, ganon din ang paglabag ng mga prinsipyo sa banal na Salita tungkol sa buhay may-asawa, ang kahihinatnan nito ay ang pagkasira ng iyong buhay may-asawa.

Isa pang natuklasan ko ay: ang mga kaparaanan ng mundo ay LAGING taliwas sa mga kaparaanan ng Diyos at ng Kanyang Salita. Ang paraan kung paano mo tinatrato ang pag-iwan sa iyo ng iyong asawa, ang kanyang paglalasing o pagkalulong sa bawal na gamot o ang mga kaso sa diborsyo na hinain nya sa iyo, ay ang magiging paraan din ng pagtrato ng sinuman sa mga ito. Iyong matutuklasan, katulad ko, na ito ay sobrang TALIWAS sa paraan na nais ng Diyos kung paano itrato ang mga ito upang makamit ang tagumpay. ". . . ito ang pagtatagumpay na dumadaig sa sanlibutan—ang ating pananampalataya" (1 Juan 5:4).

Nang nag-umpisa akong sundin ang paraan ng Diyos, na taliwas sa paraan ng lahat ng tao, doon ako umpisang nakakita ng pagbabago sa aking buhay may-asawa. Ang mga kaparaanan ng mundo ay LAGING kasiraan ang kinahihinatnan, ngunit ang mga kaparaanan ng Diyos ay LAGING nagdudulot ng paghilom at pagkabuo o restorasyon. "Ang naghahasik sa kaniyang laman ay mag-aani ng kabulukang mula sa laman. Ngunit ang naghahasik sa Espiritu ay mag-aani ng buhay ng walang hanggan" (Mga Taga-Galacia 6:8).

May mga ipinagsama-sama akong mga materyal dito sa kabanatang ito na makakatulong sa iyo para AGAD-AGAD maiahon sa krisis ang iyong buhay may-asawa. Ang mga prinsipyong ito, kung susundin mabuti ng may tapat at mapagkumbabang puso, ay maghahatid ng madali at maasahang restorasyon ng iyong buhay may-asawa. Ito ay GARANTISADO ng Diyos sa kanyang Salita.

Kung mas madalas ang pagsunod ng isang babae sa mga prinsipyong ito, mas madali niyang makakamtan ang restorasyon bilang tuwirang resulta ng kanyang pagiging masunurin. Yung mga nananatili sa krisis, o hindi nakakamtan ang restorasyon, ay yung mga tumatangging maniwala at sundin ang batas espiritwal ng Diyos o may maling paniniwala na sila ay mas mataas sa mga batas ng Diyos. Ang isa sa mga '*Be Encouraged'* na video ay naglalaman lamang ng mga testimonya ng mga pagkakamali na nakasagabal sa mga babae upang makamtan ang restorasyon.

Kung isa ka sa mga naniniwala ng sobra na ikaw ay hindi "nasa ilalim ng kautusan," kaya malaya kang labagin ang mga batas ng Diyos, "huwag nawang mangyari!"

"Ano na ngayon? Tayo ba ay magpapatuloy sa kasalanan dahil hindi tayo nasa ilalim ng kautusan kundi sa ilalim ng biyaya? **Huwag nawang mangyari**!" (Mga Taga Roma 6:15).

"Ginagawa ba nating walang bisa ang kautusan sa pamamagitan ng pananampalataya? **Huwag nawang mangyari!** Sa halip ay pinalalakas natin ang kautusan" (Mga Taga-Roma 3:31).

"**Huwag nawang mangyari!** Papaano nga na tayong mga namatay sa kasalanan ay patuloy na mamumuhay pa roon?" (Mga Taga-Roma 6:2).

Ang mga nakakaunawa ng batas ng kabigatan (law of gravity) ay natutong pumaitaas dito, na nagresulta sa kakayahang lumipad ng tao. Ang Kristiyano na nag-aaral ng Salita ng Diyos ay papaitaas sa mundo at gugulatin ang mga di nananampalataya, na pagkatapos ay hahanapin ang Diyos. Subalit, ang taong naniniwala na siya ay mas mataas sa batas ng kabigatan, at nilalabag ang batas sa pamamagitan ng pagtalon sa eroplano ng walang parasyut, ay babagsak sa kanyang kamatayan. Ito ang dahilan kung bakit maraming buhay ng mga Kristiyano ang puno ng pagkasira.

Maniwala at Sumunod

Kung katulad ka ng maraming babae na gustong mabuo ang kanilang buhay may-asawa, di mo lang dapat paniwalaan ng kayang buoin ng Diyos ang iyong buhay may-asawa, dapat mo ring sundin ang Kanyang Salita. Itong librong ito ay pinagsama-sama ng isang taong desperado—desperadong sundin ang Salita ng Diyos **kahit anuman mangyari**!!! Handa ka bang sundin ang Salita ng Diyos, kahit anuman mangyari? Kahit na gaano kasakit? Ang tanong na dapat mong itanong sa sarili mo ay "Gaano kaimportante ang pagligtas sa aking buhay may-asawa?"

Tanggapin kahit anuman. Kung hindi mo susundin ang Diyos ng puspos ng pagsunod, di ka dapat umasa ng anuman mula sa Kanya dahil ikaw ay nag-aalinlangan. "Sapagkat ang nag-aalinlangan ay parang alon sa dagat na itinataboy ng hangin kahit saan. Huwag umasang **tatanggap ng anuman** mula sa Panginoon ang taong pabagu-bago ng isip at di alam kung ano talaga ang ibig" (Santiago 1:7-8). "Ako'y muhi sa sinumang sa iyo ay hindi tapat, ang tunay kong iniibig ay ang Iyong mga batas" (Mga Awit 119:113).

Pananampalataya sa pamamagitan ng gawa. Kung sinasabi mong may pananampalataya ka na magtiwala sa Diyos para sa iyong buhay may-asawa, dapat "gawin" mo ito. "Mga kapatid ko, kung sabihin ng isang tao na siya ay may pananampalataya subalit wala siyang mga gawa, ano ang pakinabang noon? Maililigtas ba siya ng pananampalataya? . . . Maaaring may magsabi: 'Ikaw ay may pananampalataya, ako ay may mga gawa. Ipakita mo ang iyong pananampalataya na wala ang iyong mga gawa at ipapakita ko sa iyo ang aking pananampalataya sa **pamamagitan ng aking mga gawa'**" (Santiago 2:14, 18). Marami ang mga testimonya ng mga taong piniling "maniwala" sa halip na sumunod. Bawat isa sa kanila ay "naniniwala" pa rin sa kanilang buhay may-asawa, pero wala ISA man ang nagkaron ng restorasyon!

Dukitin mo ito at itapon. Muli, gaano kaimportante ang iyong pagnanasa na mabuo ang iyong buhay may-asawa? Desperado ka na ba na gawin "anuman ang kailangan" para isalba ito? Kung hindi ka naniniwala na tinawag tayo ng Diyos upang magkaroon ng ganitong tipo ng pagsunod, tingnan mo ang sinabi ni Hesus sa Mateo 5:29-30. "Kaya nga, kapag ang iyong kanang mata ay makapagpatisod sa iyo, **dukitin mo ito at itapon**. Makababuti pa na mawala ang isa sa mga sangkap ng iyong katawan kaysa mabulid sa impiyerno ang iyong buong katawan. Kapag ang iyong kanang kamay ay makapagpatisod sa iyo, putulin mo ito at iyong itapon. Makababuti pa na wala ang isa sa mga sangkap ng iyong katawan kaysa mabulid sa impiyerno ang iyong buong katawan."

Sa buong kabanata ng Mateo 5, tinatawag tayo ni Hesus upang magkaron ng mas mataas na uri ng pagsunod kaysa sa nakalahad sa Matandang Tipan. Basahin mo ito at turuan mo ang sarili mong sumunod hanggang sa puntong nagmumukha ka nang panatiko. Kung ang iyong ginagawa ngayon ay hindi mukhang kahangalan sa iba, kailangan mong maging mas radikal sa iyong pangako sa iyong kasal o buhay may-asawa, dahil iyan ang kailangan!

Kailangan nating maging tulad ni Pedro sa ating pagsunod. Tuwing may ipinapagawa sa kanya, tulad ng kanyang hayaan si Hesus na hugasan ang kanyang mga paa, sumobra pa siya! Sumobra din siya ng inutusan siya ni Hesus na bumaba ng bangka. Siya lang ang sumunod kay Hesus ng may puspos na paraan. Subalit pinuna pa rin ni Hesus si Pedro sa kanyang maliit o di sapat na pananalig. Ikaw ba ay maligamgam? "Kaya nga, **sapagkat ikaw ay maligamgam**, hindi malamig o mainit, isusuka na kita mula sa aking bibig" (Pahayag 3:16).

Maniwala at manalig na kaya at gusto ng Diyos na buoin at muling itayo ka, ang iyong buhay may-asawa at ang iyong pamilya. Wala ng ibang taong itinakda ang Diyos para sa iyo liban sa iyong asawa, at hindi di Niya rin iniisip na mali ang taong iyong piniling pakasalan. "Ang babaeng may asawa ay

nakatali sa kaniyang asawa sa pamamagitan ng kautusan habang nabubuhay ang lalaki. Kapag ang lalaki ay namatay, ang asawang babae ay malaya na sa kautusan na patungkol sa asawang lalaki. At kung mag-asawa siys sa ibang lalaki, hindi siya nangangalunya" (Taga-Roma 7:2).

Kung ikaw ay nag-iisip tungkol sa pagpapakasal muli, hindi ito nararapat. Ang mga pangalawang kasal o pagsasama ay may mas **mababa** pa sa 20% na pagkakataon na magtagumpay. Magkakaroon ka ng 8 mula sa 10 pagkakataon na dumanas muli ng isa pang masakit na diborsyo! Tapos lilipat ka sa pangatlo at pang-apat. Huminto ka na kung sa anumang numero ka naroon. Mayroong mas mabuting paraan!

Sa halip, "Sa Panginoong Diyos tayo'y magtiwala! Ating patatagin ang paniniwala; Tayo ay umasa sa kanyang kalinga!" (Mga Awit 27:14, Mga Awit 31:24, Isaias 35:4). "O Diyos, kami'y tulungan mo laban sa aming kaaway, pagkat ang tulong ng tao ay wala ng kabuluhan. Kung ang Diyos ang kasama, kasama sa panig namin, matatamo ang tagumpay, ang kaaway tatalunin" (Mga Awit 60:11-12, Mga Awit 108:12). (Pakibasa ang Kabanata 10, "Dahil Galit Ako sa Diborsyo" para sa dagdag na kaalaman.)

Huwag mong kausapin ang iba tungkol sa iyong kalagayan. Kausapin mo ang Diyos; hanapin mo ang kasagutan sa Kanyang Salita. "Humanap kayo at kayo'y makasusumpong" (Mateo 7:7, Lucas 11:9). "Siya ang Kahanga-hangang Taga-payo" (Isaias 9:6). "Hindi sumasama sa sinumang taong ang laging adhika'y pagtawanan at hamak-hamakin ang Diyos na dakila" (Mga Awit 1:1). Huwag mong ipagsabi ang iyong kalagayan. "Ang mabait na babae ay karangalan ng asawa, ngunit kanser sa buto ang masamang asawa" (Mga Kawikaan 12:4).

Isa pa, "Lubos ang tiwala ng kanyang asawa, at saganang pakinabang ang makakamit niya" (Mga Kawikaan 31:11). At, "ikaw ay pawawalang-sala o parurusahan batay sa iyong mga salita" (Mateo 12:37). "Ang pagkakalat sa kasamaan ay sumisira ng pagkakaibigan" (Mga Kawikaan 16:28, Mga Kawikaan 17:9). (Tingnan ang Kabanata 6, "Kabaitan sa Kanyang Labi" para sa karagdagang kaalaman. Itong kaalamang ito ay esensya at di opsyonal. "Nalipol ang aking bayan dahil sa di pagpapahalaga sa Akin" (Oseas 4:6.))

Humingi ka sa Diyos ng **babaeng** ka-partner sa pagdadasal na maniniwala sa Diyos kasama mo tungkol sa iyong buhay may-asawa. **Lumayo ka sa mga "*singles groups*"!!** HINDI ka nararapat doon kung may pagnanasa ka na buoin ang iyong buhay may-asawa! Lumayo ka sa mga "*support groups*" na nagsisilbing "*pity parties*" lamang. Kung nais mo ng isang buong buhay may-asawa, huwag kang dumalo sa mga "*divorce recovery groups*" na hihimukin kang magsimula muli. Kailangan mo ng pumili ngayon kung gusto mo ng pag-asa o katapusan sa iyong buhay may-asawa.

Sa halip na sumali sa isang grupo, lubos naming minumungkahi na magdasal ka at humiling sa Panginoon ng ISANG babaeng tutulong sa iyo. Ang tanging mayroon ako ay isang tao lang at ang Panginoon. Ang tanging kailangan mo isang tao lang at ang Panginoon!

Ihinto ang LAHAT na pagtatalo sa iyong asawa! Ito ang isang prinsipyo na magpapasya kung mabubuo muli ang iyong buhay may-asawa. Napakaraming Pahayag sa paksang ito, sangkatutak na pahina na maari kong isulat para sa iyo. Eto ang ilan sa kanila: "Kung may magsakdal laban sa iyo sa hukuman, **makipag-ayos** ka sa kanya *habang may panahon!*" (Mateo 5:25). "Ang malumanay na sagot ay nakapapawi ng poot, ngunit nakakagalit ang salitang walang taros" (Kawikaan 15:1). "Ang simula ng kaguluha'y parang butas ng dike na dapat ay sarhan bago ito lumaki" (Kawikaan 17:14). "Ang mangmang na hindi madaldal ay iisiping marunong kung hindi sya magsasalita at ang bibig ay laging tikom" (Kawikaan 17:28).

"Ang mga salita niya ay puspos ng kaalaman at ang turo niya ay pawang katapatan" (Kawikaan 31:26). "Ang marangal na tao ay umiiwas sa kaguluhan, ngunit ang ibig ng mangmang ay laging pag-aaway"

(Kawikaan 20:3). At "Ang taong makasarili ay humihiwalay sa karamihan at salungat sa lahat ng tamang isipan" (Kawikaan 18:1). Naging pala-away ka bang babae? (Basahin mo ang Kabanata 5, "Ang Pala-Away na Babae" at Kabanata 7, *"Kabaitan sa Kanyang Salita"* para sa dagdag na kaalaman.)

Tanggalin ang galit at sakit; tapos subukan mong tumingin ng may pagmamahal sa mga mata ng iyong asawa. "Nagalak ang aping umasa sa Kanya, pagkat di nabigo ang pag-asa nila" (Mga Awit 34:5). "Ang nagpapakataas ay ibaba, at ang nagpapakababa ay itataas" (Mateo 23:12, Lucas 14:11, Lucas 18:14). Itinanong ni Pedro kung ilang beses nya dapat patawarin ang kanyang kapatid na nagkasala sa kanya. "Makapito po ba?" tanong niya. Pero ang sagot ni Hesus, "Hindi ko sinasabing makapito, kundi pitumpung ulit pa nito." Iyun ay apat na raan at siyamnapung beses! (Mateo 18:22) Nagdesisyon ka na ba na ***huwag*** **patawarin** ang iyong asawa dahil sa mga ginawa nya sa iyo at sa inyong mga anak? Ang hindi mo pagpapatawad ay mapanganib sa iyo at sa kinabukasan ng iyong buhay may-asawa. (Para sa dagdag na kaalaman, basahin ang Kabanata 8, "*Malumanay at Matahimik na Espiritu"* sa ilalim ng seksyon na "Pagpapatawad"). Kung ikaw ay nahihirapan magpatawad, kunin mo ang aming *tape* ng mga testimonya. Ito ay isang napakabisang halimbawa kung paano ka "pinagkakalooban" ng Diyos ng kapatawaran para sa iyong asawa habang ikaw ay nagbibigay daan sa Kanya!

Umpisahan mong tingnan ang iyong asawa katulad ng pagtingin sa kanya ng Diyos. Ipagdasal mo ang iyong asawa. Dapat mo muna siyang patawaring at kung sinumang may kinalaman sa kanya (mga kaibigan, pamilya, kasamahan sa trabaho at pati na ang kanyang 'babae'). (Muli mong tingnan ang Kabanata 8, "*Malumanay at Matahimik na Espiritu* " sa ilalim ng seksyong "Pagpapatawad" tungkol sa mga panganib ng **hindi** pagpapatawad.) Pagkatapos, ikaw ay magiging handang ipagdasal ang lalaking nais ng Diyos maging ang iyong asawa. Palitan mo iyan ng paghiling sa Diyos na ipakita sa iyo ang mabuting bagay na ginagawa niya at lalo na ang mabuting bagay na ginawa niya noon. (Tingnan mo ang Kabanata 6 "Kabaitan ng Dila" sa ilalim ng seksyon "Magalang" para sa dagdag na kaalaman.)

Pasalamatan mo ang Diyos sa mga bagay na ito at mag-ukol ng panahon upang pasalamatan ang iyong asawa kapag tumawag siya o bumisita. Kung iniwan ka ng iyong asawa, huwag mo siyang tatawagan! **Pero** kung ***ikaw*** ang umiwan sa iyong asawa o ikaw ang nagpa-alis sa kanya sa inyong bahay, **dapat *mo* siyang tawagan** at humingi ng kapatawaran. Itong puntong ito ay kritikal! Mas matagal kang naghihintay, mas malaki ang posibilidad ng pagtataksil, kung hindi pa nga ito nangyayari. (Pakibasa ang mga testimonya sa aming "*website*" na nagbibigay ng ebidensya kung paano umepekto ang mga prinsipyong ito sa mga buhay ng mga babaeng sinunod ito.)

Kapag ikaw ay nagsisi na, HUWAG ka ng paulit-ulit magsisi o humingi ng tawad. Ito ay hindi makakatulong. Isa pa, ang pagtanggap o hindi ng iyong asawa sa iyong paghingi ng paumanhin ay hindi importante. Ginagawa mo ito buhat sa pagiging mapagkumbaba at bilang pagsunod sa Diyos, wala ng iba pa.

Kausapin mo ng may kabaitan at pagmamahal ang iyong asawa kapag may pagkakataon kang makausap siya. "Ang magiliw na pangungusap ay parang pulot-pukyutan, matamis sa panlasa, pampalusog ng katawan" (Mga Kawikaan 16:24). "Ang pagkamasayahin ay mabuti sa katawan, at ang malungkuti'y unti-unting namamatay" (Mga Kawikaan 17:22, Mga Kawikaan 18:14). **Hindi ka dapat magpakasaya tungkol sa mga problema mo sa iyong buhay may-asawa; maging masaya ka dahil kontrolado ng Diyos ang lahat.** "Ngunit walang **pagtutuwid** na parang kasiya-siya sa kasalukuyan. Ito ay masakit ngunit sa katagalan, ito ay nagdudulot ng mapayapang bunga ng katuwiran, sa mga nasasanay ng pagtutuwid" (Hebreo 12:11).

Huwag makinig sa tsismis o sa kaninuman na nagbibigay ng masamang balita tungkol sa iyong asawa. "Ang pag-ibig ay nagtatakip ng lahat ng bagay. *Ito ay naniniwala sa lahat ng bagay*, umaasa sa lahat ng bagay, nagbabata sa lahat ng bagay" (1 Mga Taga-Corinto 13:7). Maaaring sinasabi ng iyong asawa na

siya ay hindi nakikiapid kaninuman; pero ALAM mo na siya ay nakikiapid. Ganunpaman, dapat mo siyang paniwalaan. Hindi ka nagiging tanga o walang-malay; nagpapamalas ka ng pag-ibig na walang kondisyon.

Minsan ang iyong pamilya at malalapit na mga kaibigan ang maghihikayat sa iyo na diborsyohin o awayin ang iyong asawa dahil sa mga bagay na ginawa o ginagawa niya sa iyo. Ihiwalay o ilayo mo ang iyong sarili sa mga taong sinusubukan kang tumaliwas sa Diyos sa pamamagitan ng pag-uudyok sa iyong laman at damdamin. "Iwasan mong makisama sa mga taong mangmang pagkat sa kanila ay wala kang mapupulot na kaalaman" (Mga Kawikaan 14:7). "Ang lihim ay nahahayag dahil sa masitsit, kaya di dapat makisama sa mapaghatid-dumapit" (Mga Kawikaan 20:19). Kung sisiraan mo ang iyong asawa, sisiraan din sya ng ibang tao! "Siyang naninira ng kanyang kapwa'y, aking wawasakin . . ." (Mga Awit 101:5).

Dahil ikaw ay makakatanggap ng maraming payo na taliwas sa kalooban at Salita ng Diyos, huwag mong ibahagi o ikuwento ang iyong sitwasyon kahit kanino! Ang kahihinatnan nito ay maaawa ka lamang sa iyong sarili o ikaw ay magagalit! Ang mga damdamin ay mula sa laman at makakalaban ng iyong espiritu. Ang sabi ng Diyos sa Taga-Galacia 5:17, "Sapagkat ang mga pita ng laman ay laban sa mga ninanasa ng Espiritu, at ang mga ninanasa ng Espiritu at laban sa mga pita ng laman. Magkalaban ang dalawang ito, kaya hindi ninyo magawa ang ibig ninyong gawin." Ang pakikinig, diskusyon o pagkuha ng payo ukol sa iyong kalagayan ay magbibigay lamang ng pagkalito dahil karamihan sa mga Kristiyano ay HINDI talaga ALAM ang Salita ng Diyos at kahit mga pastor ay maari kang payuhan ng taliwas sa Salita ng Diyos! Maliban na lamang kung sila ay "nakapaglakad sa katulad na tubig" maaari nilang hindi bigyang pansin o bawasan ang mga prinsipyo ng Diyos sa mga pagkakataong kailangang-kailangan mo ang **buo at walang bawas** na Salita ng Diyos upang maisalba o mailigtas ang iyon buhay may-asawa!

HUWAG mong tangkaing alamin kung ano na ang ginagawa ng iyong asawa. Kung iyong suspetsa na mayroong iba, o ALAM mo na siya ay mayroong iba, gawin mo ang sinasabi ng Diyos: "Palaging sa hinaharap ang pukol ng iyong tanaw, ituon ang iyong pansin sa iyong patutunguhan" (Mga Kawikaan 4:25). "Kahit hampas nitong bagyo ay dumating nang biglaan, hindi ka magugulo na tulad ng mga mangmang, pagkat tiwala kang si Yahweh ang kaagapay mo at di Niya babayaang madupilas sa paghakbang" (Mga Kawikaan 3:25-26). At muli, tandaan, "ang pag-ibig" ay "NANINIWALA sa lahat ng bagay" (1 Taga-Corinto 13:7).

HUWAG mo harapin o awayin ang iyong asawa at ang iba pang taong sangkot! Ito ay patibong ni Satanas. Ako, katulad ng maraming babae, ay nahulog sa patibong na ito. Mag-ingat! Maaari mong mabigyang-kasiyahan ang iyong laman pero ang kahihinatnan ay ikakasira mo at ng anumang natitira pang damadamin ng iyong asawa sa iyo. Huwag mo kausapin ang iba babae OW (*other woman*) sa telepono o sa personal o padalhan siya ng sulat na nagsasabing napatawad mo na siya. Hindi ito mula sa Diyos. Ito ay ang demonyo na pinaglalaruan ang iyong *sariling karunungan*.

Madalas na pagkakamali ng mga babae ay ang kanilang paniniwala na dapat nila awayin o harapin ang kanilang asawa para hindi sila maisahan nito. LAHAT na umaway o humarap sa kanilang mga asawa, dahil sa pagwalang-bahala ng librong ito o ng aking personal na babala, ay sumulat sa akin na ito ay kanilang pinagsisisihan! LAHAT sila ay nagsabi na ito ay nagresulta sa MARAMING kakila-kilabot na pangyayari! Huwag kang maging katulad ni Eba na ginawa ang alam nyang di nya dapat gawin!

Kapag ang kasalanan ay naisambulat na, ito ay ipamumukha sa iyo, at mawawala ang iyong lamang na ibinigay sa iyo ng Diyos bilang "kabiyak ng kanyang buhay" (Mga Kawikaan 5:18). Lagi mong tandaan, "Ang pag-ibig ay **pinaniniwalaan** ang lahat . . ." (1 Taga-Corinto 13:7).

Dapat mong tandaan sa lahat ng panahon na ito ay labang "espiritwal." At sa lahat ng laban, isang katangahan at delikado na ipaalam sa iyong kaaway ang iyong nalalaman. Walang labanan o sagupaan sa

Bibliya na nagwagi sa pamamagitan ng pagbunyag ng mga kaalaman mula sa Panginoon! At hindi rin natin dapat ibunyag ang mga kilos ng kaaway. Sa halip, pinaaalalahanan tayo ng Bibliya na kalabanin ito bilang labang espiritwal! Sinasabi sa 1 Timoteo 1:18 na "Makipaglaban ka ng mabuting pakikibaka." "Hindi ako nakikipaglaban ayon sa pamamaraan ng sanlibutan" (2 Mga Taga-Corinto 10:3). Sa halip, sinabihan tayo na "Magkaroon kayo ng maayos na pag-iisip [na ang literal na ibig sabihin ay GUMISING] at magbantay kayo sapagkat ang diyablo na kaaway ninyo ay parang leon na umaatungal at umaali-aligid na naghahanap kung sino ang malalamon niya" (1 Pedro 5:8).

Ang iyong asawa at ang iba pa ay kumikilos ayon sa demonyo, bilang mga alipin nito, upang sirain ang iyong buhay may-asawa, kinabukasan at ang inyong mga anak. "Alam ninyong kapag kayo'y napailalim kaninuman **bilang alipin**, alipin nga kayo ng inyong pinapanginoon—mga alipin ng **kasalanan at ang bunga nito'y kamatayan**, o mga alipin ng Diyos at ang bunga nito ay pagpapawalang-sala" (Mga Taga-Roma 6:16). Upang magwagi sa laban na ito, IKAW ay dapat maging alipin ng Diyos—huwag mo harapin o awayin ang iyong asawa tungkol sa kanyang kasalanan o tungkol sa alam mo!!

HUWAG mo tangkaing alamin kung nasaan na ang iyong asawa kung ayaw niya ipaalam sa iyo kung nasaan siya! Ito ay proteksyon ng Diyos **para sa iyo**! Manahimik; mapanatag. Pumunta ka sa iyong *silid ng panalangin* at simulan ang laban sa pamamagitan ng dasal, nakapanikluhod sa harap ng Panginoon. Kayang baguhin ng Diyos ang puso ng iyong asawa, pero patitigasin mo ito kung ipapahayag mo sa kanya ang iyong kawalang-tiwala, suspisyon at pagseselos. "Hawak ni Yahweh ang isip ng isang hari at naibabaling niya ito kung saan igawi" (Mga Kawikaan 21:1). Ang babae ng iyong asawa ang siyang lalabas na ginawan ng masama, at hindi ikaw! Lahat ng lalaki ay ipagtatanggol ang kanyang babae kapag ito ay inaatake o inaaway ng kanyang asawa. Manahimik!

Huwag magpadalos-dalos sa ANUMANG desisyon. Sa ngayon, ikaw ay hindi nag-iisip ng malinaw at siguradong kumikilos ayon sa iyong damdamin at hindi ayon sa karunungan. "Masugid man kung mangmang, walang mapapakinabang; ang kawalan ng tiyaga'y magbubulid sa kaguluhan" (Mga Kawikaan 19:2). "Pinaniniwalaan ng mangmang ang lahat niyang mapakinggan, ngunit sinisiyasat ng may unawa ang kanyang pupuntahan" (Mga Kawikaan 14:15). "May daan matuwid sa tingin ng tao, ngunit kamatayan ang dulo nito" (Mga Kawikaan 16:25 at Mga Kawikaan 14:12). "Mabuti nang di hamak ang hangal kaysa taong ang sinasabi'y hindi na tinitimbang" (Mga Kawikaan 29:20).

"Isinasagawa ng tao ang palabunutan buhat kay Yahweh ang kapasiyahan" (Mga Kawikaan 16:33). "Ang taong may unawa ay lumalayo sa kasamaan, ngunit ang mangmang ay napapahamak dahil sa kapabayaan" (Mga Kawikaan 14:16). Huwag magmadaling gumawa ng mga pagbabago katulad ng pagkakaroon ng "*oras ng bisita*". Huwag maging mabilis sa pagkuha ng diborsyo. Sabi ng Diyos, "Nasusuklam ako sa naghihiwalay" (Malakias 2:16). Huwag kang umalis o huwag mong iwan ang iyong bahay: "Malakas ang kanyang loob, kilos niya ay maharot, di matigil sa tahanan, di mapigil sa paglibot" (Mga Kawikaan 7:11). Huwag mo siyang tularan!

Lumapit ka na ba sa iyong asawa ukol sa iyong mga pangangailangan, iyong mga pangamba at mga problema—upang talikuran o tanggihan ka *niya* lang? Sauluhin mo ang mga Salitang ito: "Ngunit ang aking Diyos ang magpupuno sa inyo ng lahat ng inyong pangangailangan ayon sa kaniyang kayamanan sa kaluwalhatian kay Cristo Jesus" (Taga-Filipos 4:19). "Ako'y nananalig na bago mamatay masasaksihan ang 'yong kabutihan na igagawad mo sa mga hinirang. Sa Panginoong Diyos tayo'y magtiwala! Ating patatagin ang paniniwala; Tayo ay umasa sa Kanyang kalinga!" (Mga Awit 27:13-14).

"Kapag ang tao'y kalugod-lugod sa Diyos, pati kaaway niya ay kanyang maaayos" (Mga Kawikaan 16:7). "Marangal at kapita-pitagan ang kanyang kaanyuan at wala siyang pangamba sa bukas na daratal" (Mga Kawikaan 31:25). Sa halip na magmakaawa, gamitin mo ang oportunidad na ito upang pasalamatan ang iyong asawa at purihin siya pag-aalaga o pagkalinga niya sa iyo noon. Ito ay paraan ng Diyos, ito ang

tinatawag na pagiging kontento.

Maaaring bahagi ng iyong problema ang iyong karera o tungkulin sa labas ng iyong tahanan. Pagkat sinabi ng Diyos ng maghintay sa mga bagay-bagay, pero tuloy pa rin tayo at binabago ang mga bagay-bagay, maaaring "kinailangan mong magtrabaho." Ngayon ang iyong tahanan ay **walang laman** habang ikaw ay nagtatrabaho, ang iyong mga anak ay nasa *taga-alaga* at ang iyong asawa ay may sariling tirahan. Si Satanas ay isang magnanakaw! Di magtatagal, mawawala rin ang bahay na iyong pinaghirapan o pinagtrabahuhan. Hayaan mong iligtas ng Diyos ang iyong pamilya at ang iyong buhay may-asawa.

Huwag mong hanapin o asahan ang tulong ng iyong asawa sa mga kinakaharap mong mga pagsubok. Wala ng mas mabuti pang paraan upang itaboy ang iyong asawa kundi ang pagsabi mo sa kanya ng mga problema sa iyong kabahayan! Ang dahilan kung bakit ka niya iniwan ay upang "takasan" ang gulo. HINDING-HINDI niya babalikan ang isang tahanan na magulo, o pupuntahan ka nya upang sagipin—talagang hindi! Ang isang lalaki na umalis upang makisama sa isang babae ay nakatutok lamang sa paghahanap ng kaligayahan. Kung matatagpuan mo ang tulong sa pamamagitan ng iyong "mapagmahal na relasyon" sa Panginoon na nararapat lamang, kapag may kaguluhan (at siguradong may kaguluhan), umasa ka na tatakbo pauwi sa inyong tahanan ang iyong asawa!

Ikaw ba ang humimok sa iyong asawa na umalis? Kami dito sa *Restore Ministries* ay nakatagpo na ng maraming babae na silang nagpaalis sa kanilang asawa o silang mga unang nagbanggit ng salitang "diborsyo" dahil sa galit. Kapag nagtanim ka ng kasamaan, huwag kang magulat kung ang iyong asawa ay magtaksil. Di mo alam, may napakalakas na kapangyarihan ang mga salita. "Ngunit sinasabi ko sa inyo: Sa bawat salitang walang kabuluhan na sabihin ng mga tao, magbibigay-sulit nga sila sa araw ng paghuhukom" (Mateo 12:36).

Kung nagkaroon ng mga problema tulad ng alak, bawal na gamut, huwag mo ng idagdag ang pagtataksil sa mga ito! O maaari ring pakiramdam ng isa sa inyo na hindi niyo mahal ang isa't isa. Kung nagkaroon ng mga problema tulad ng alak, bawal na gamut, huwag mo ng idagdag ang pagtataksil sa mga ito! Ang mga lalaking wala sa kanilang tahanan ay itinuturing na "binata" kahit na **hindi**! Ang paghihiwalay ay ang unang hakbang tungo sa diborsyo. At ang diborsyo ay isang pagkakamaling nakakapagbago ng buhay.

Maraming nakatatandang babae, walang alam tungkol sa kasiraan na dulot ng paghihiwalay, ay pinapayuhan ang mga kabataang babae na paalisin ang kanilang asawa o huwag payagang bumalik ng bahay. Ang mga nakatatandang babae, katulad ng nakalahad sa Tito 2, ay dapat **turuan ng kabutihan** at himukin ang mga kabataan babae na "magmahal sa sariling asawa at mga anak . . . maging masunurin sa kani-kanilang asawa upang walang masabi laban sa Salita ng Diyos."

Ang paghihiwalay na pinapahayag sa 1 Taga-Corinto 7:5 ay isasagawa ng may pagkakasunduan AT ang layunin ay ang pag-aanuyo at pagdarasal. Itong talata na ito ay kinokonpirma ito: "Ang babae na may asawang hindi sumasampalataya ay huwag humiwalay sa asawang lalaki. Ito ay **kung sumasang-ayon siyang manahang kasama ng babae**" (1 Taga-Corinto 7:13).

Sa pamamagitan ng iyong desisyon na makipaghiwalay o mag-diborsyo, pinili mong sirain di lamang ang iyong buhay, pati na rin ang buhay ng iyong asawa at buhay at kinabukasan ng iyong mga anak. Ang iyong mga (darating) na apo, ang iyong mga magulang at mga kaibigan ay magiging biktima rin ng iyong makasarili, kamangmangan at kabaliwang desisyon.

Sa paghimok mo sa iyong asawa na umalis, tinahak mo na ang unang hakbang patungo sa diborsyo. Hindi ba't panahon na upang baguhin ito bago pa lumala ang kalagayan? Ang mundo at si Satanas kinumbinse ka na ang paghihiwalay o diborsyong ito ay para sa ikabubuti ng lahat, pero iyan ay **isang**

kasinungalingan! Kung totoo yan, walo mula sa sampung tao ay hindi hahantong sa diborsyo ang kanilang pangalawa o sumusunod pang kasal o pag-aasawa. Muli, ang Bibliya ay malinaw: "Ang babae na may asawang hindi sumasampalataya ay huwag humiwalay sa asawang lalaki. Ito ay **kung sumasang-ayon siyang manahang kasama ng babae**" (1 Taga-Corinto 7:13).

Kung iniwan ka ng iyong asawa, dapat mong ihinto ang paghabol, pagtulak sa kanya o ang paghadlang sa kanyang nais. Lalo lang niya pipiliting lumayo sa iyo at tumakbo sa kasamaan. "Mapalad ang taong hindi naaakit ng niyong masasama upang sundan niya ang kanilang payo't maling halimbawa" (Mga Awit 1:1). Ang tanging maging sagabal ay ang "mga tinik sa kanyang daraanan" (Oseas 2:6). Dapat mong basahin ang buong aklat ni Oseas sa iyong Bibliya. Mayroon kaming isinulat na dasal upang iyong saulohin, ito ay base sa "mga tinik sa kanyang daraanan." (Makikita mo ito sa Kabanata 17, "*Stand in the Gap*".) Ipanalangin mo ito araw-araw *para* sa iyong asawa.

Ang sabi ng Bibliya, "Kung ang hindi sumasampalataya ay humiwalay, **hayaan siyang humiwalay**. Ang kapatid na lalaki o kapatid na babae ay hindi na sa ilalim ng pagpapaalipin sa ganoong kalagayan. Ngunit tayo ay **tinawag ng Diyos na mamuhay sa kapayapaan**" (1 Taga-Corinto 7:15). Kung hindi mo siya hahayaan, ang kaguluhan ay magpapatuloy. "Mapalad ang taong hindi naaakit ng niyong masasama upang sundan niya ang **kanilang payo't maling halimbawa . . .**" (Mga Awit 1:1). Dapat mong ipaalam sa iyong asawa na siya ay malayang makakaalis (base sa 1 Taga-Corinto 7:15). Ito ay magiging dahilan upang siya ay tumigil sa pagtakbo, pagpupursigi ukol sa diborsyo o pagmamadaling magpakasal muli!

Pero ako ay diborsyado na. Hindi kailanman huli pa ang lahat kahit na ang diborsyo ay nangyari na. Marami ang "pinakasalan muli" ang kanilang asawa PAGKATAPOS nilang mag-diborsyo. "Huwag kang padaig sa masama, kundi daigin mo ng mabuti ang masama" (Taga-Roma 12:21). Hiniling mismo ng Diyos sa Kanyang propetang si Oseas na pakasalan muli ang kanyang asawang si Gomer kahit matapos nitong magtaksil ng harap-harapan sa kanya. "Kung magkagayon, sasabihin niya, 'Babalik ako sa aking unang asawa, sapagkat higit na mabuti ang kalagayan ko noon sa piling niya kaysa ngayon'" (Oseas 2:7). "At sinabi sa akin ni Yahweh, 'Humayo kang muli at patuloy mong ibigin ang iyong taksil na asawa bagaman siya'y nakikipag-ibigan sa iba'" (Hosea 3:1). Ginamit ng Diyos ang kuwento ni Oseas at Gomer upang ipakita ang Kanyang pananagutan o pagtitiwala sa Kanyang asawa (ang simbahan) at ang Kanyang matatag na paninindigan sa kasal.

Huwag mong hayaang makita ng inyong mga anak ang iyong galit sa iyong asawa. Gawin mo ang LAHAT na kaya mo upang protektahan ang inyong mga anak sa mga nangyayari. Ito ay magdudulot lang ng kanilang pagkakaroon ng sama ng loob sa kanilang ama. Huwag mong ibuntong ang sisi sa iyong asawa. "Ang matalinong babae ay **nagtatatag** ng kanyang bahay, ngunit ang tahana'y nawawasak dahil sa kamangmangan" (Mga Kawikaan 14:1). "Hawak ni Yahweh ang isip (puso) ng isang hari at naibabaling niya ito kung saan igawi" (Mga Kawikaan 21:1). Mag-ingat kung saan mo ibabaling ang puso ng inyong mga anak. "Muling magkakalapit ang loob ng mga ama't mga anak, *kung hindi mapipilitan akong pumariyan at wasaking ang inyong bayan*" (Malakias 4:6. Dahil). "Ang karangalan ng mga anak ay ang kanilang magulang" (Mga Kawikaan 17:6).

Pinahintulutan ng Panginoon ang mga pagsubok na ito sa iyong buhay, at sa buhay ng inyong mga anak, sa ilang panahon, upang ilapit kayong lahat sa Kanya, isagawa ang Kanyang gawain sa inyong lahat at pagkatapos pagsama-samahin muli kayong lahat para sa kanyang kaluwalhatian! Kapag wala ang iyong asawa upang sisihin, puwede mong ibaling ang iyong paningin sa Kanya! Kapag napalapit ka sa Kanya, maaari ka Niyang baguhin maging mas ayon sa Kanyang imahe! "Nagalak ang aping umasa sa Kanya, pagka't di nabigo ang pag-asa nila" (Mga Awit 34:5).

Huwag mong hayaang magsalita ng masama ang inyong mga anak tungkol sa kanilang ama. Dapat mo siguraduhing magalang sila sa kanilang ama (kahit na sila ay lima, labin-lima or dalawpu't limang

taong gulang!). “Igalang ninyo ang inyong ama’t ina . . .” (Exodo 20:12, Deutronomio 5:16, Marcos 7:10). Muling tandaan, “Muling magkakalapit ang loob ng mga ama’t mga anak, kung hindi mapipilitan akong pumariyan at wasaking ang inyong bayan” (Malakias 4:6). (Kung nakapagsalita ka ng masama tungkol sa kanilang ama, una kang humingi ng tawad sa Diyos, pagkatapos ay humingi ka ng tawad sa iyong asawa, at panghuli sa iyong mga anak.) “Ang nagkukubli ng kanyang sala ay hindi mapapabuti” (Mga Kawikaan 28:13). Pagkatapos, umpisahan mong puriin siya sa iyong sarili at sa mga mata ng inyong mga anak.

Tandaan, mahihirapan kang turuan ang inyong mga anak na igalang ang *kanilang* ama kung **ikaw** mismo ay nagpapakita ng kawalan ng galang sa ***iyong*** asawa.

Huwag mong hayaan na maging magulo o matigas ang ulo ng inyong mga anak. “Ang batang pinalayaw ay kahihiyan ng magulang” (Mga Kawikaan 29:15). Sa halip na pabayaan mo silang ilabas ang kanilang galit, gamitin mo ang panahong ito upang turuan sila na magpatawad at ipagdasal ang kanilang ama. Kapag wala na ang galit, mararamdaman ang sakit; turuan mo silang umasa sa Diyos para sa kanilang pagkapanatag. Itong Talatang ito ay nakatulong sa aking anak na (noon) ay limang taon, sinaulo niya ito: “Hindi kita iiwan ni pababayaan man” (Hebreo 13:5). Ang inyong mga anak ay naguguluhan ngayon, kaya dapat mo silang bigyan ng malinaw na direksyon. Muli, mahihirapan kang ipasunod ito kung ***ikaw*** mismo ay nagpapakita ng kawalan ng kontrol.

Mag-ingat at huwag piliin ang “pinakamadaling” daan. Ito ay *mukhang* pinakamadaling daan, pero sa huli, ito ang daan na hahantong sa mas maraming kalungkutan, pagsubok, paghihirap at dalamhati kaysa sa dinaranas mo ngayon. Kami na napagdaanan na ang mahirap na buhay may-asawa, paghihiwalay at/o diborsyo, ay gusto kang paalalahanan laban sa mga kaisipan, libro or mga taong uudyukan kang sundin ang kaparaanan ng mundo, na **LAGING** humahantong sa kapariwaraan o kasiraan! Kung pinapayagan ito ng mundo, bilang mga Kristiyano alam natin na ito ang malawak na daan patungo sa destruksyon.

Makitid ang daan patungo sa buhay, at kakaunti ang mga nakakasumpong nito! “Pumasok kayo sa makipot na pintuan, sapagkat maluwang ang pintuan at malapad ang daan patungo sa kapahamakan at ito ang dinaraanan ng marami. Subalit ang makipot na tarangkahan at makitid na daan ay patungo sa buhay. Kakaunti ang mga nakakasumpong nito” (Mateo 7:13-14). Dapat mong hanapin ang makitid na daan sa lahat ng iyong mga desisyon, kung paano ka nakikipag-usap sa iba at kung paano mo haharapin ang mga pagsubok na DARATING sa iyo ngayon at sa hinaharap.

Mag-ingat sa kung ano ang iyong binabasa. Ang mga libro na ang pundasyon ay mga pilosopiya o yung mga isinulat ng mga *psychologists* o *marriage counselors* ay pupunuin ang iyong isip ng mga mapanirang kaisipan o kaalaman. Mag-ingat sa pagbabasa ng mga librong tungkol sa mga paksang “*tough love,” “spicing up your marriage,”* at *“co-dependency.”* Nakita o nasaksihan na naming ang kasiraang dinudulot ng mga ito sa mga buhay may-asawa ng mga babaeng naniwala sa kanila bunga ng desperasyon.

Ibaling ang paningin sa Diyos at sa mga taong may “kaparehong pananaw” upang palakasin ang iyong loob na maniwala sa Diyos ukol sa iyong buhay may-asawa. Tumakbo sa Taga-Payo (Ang Salita ng Diyos), na libre, at makakatipid ng iyong pera at makakapagligtas ng iyong buhay may-asawa. Gusto ka ng Diyos para sa Kanyang Sarili! Lumayo sa mga “propesyonal.” Bawat propesyonal ay may kanya-kanyang paniniwala. Milyon-milyong Kristiyano at sekular na *marriage counselors* o mga libro tungkol sa mga problema sa buhay may-asawa. Kung alam nila ang lahat ng kasagutan, bakit napakaraming diborsyo, lalo na sa simbahan?!!

Saan ka mag-uumpisa? Ano ang dapat mong gawin? Umpisahan mong ilipat ang nasira mong tahanan sa ibabaw ng bato. “Bumuhos ang ulan at bumaha. Umihip ang malakas na hangin at hinampas ang bahay

na iyon, ngunit hindi bumagsak. Ito ay sapagkat itinayo niya iyon sa ibabaw ng bato" (Mateo 7:25). "Ang matalinong babae ay nagtatatag ng kanyang bahay, ngunit ang tahana'y nawawasak dahil sa kamangmangan" (Mga Kawikaan 14:1). "Sa pamamagitan ng kaalaman, naitatayo ang isang bahay, at ito'y naitatatag dahil sa kaunawaan" (Mga Kawikaan 24:3).

Purihin ang Diyos sa LAHAT ng bagay. "Kaya sa pamamagitan niya, patuloy tayong magdala ng **handog** ng papuri sa Diyos. Ang ating hain ay ang bunga ng mga labi na nagpapahayag ng kaniyang pangalan" (Hebreo 13:15). "Magalak kayong **lagi** sa Panginoon at muli kong sasabihin, magalak kayo!" (Taga-Filipos 4:4).

Matutong talagang magdasal. "Humanap Ako ng isang taong makapaglalagay ng pader upang **ipagsanggalang** ang lunsod sa araw na ibuhos Ko ang aking poot, ngunit wala Akong makita" (Ezekiel 22:30). Ang pagsasanggalang ay HINDI nangangahulugan ng pagtayo sa daraanan o pagkontra sa nais ng iyong asawa!

Alipinin ang bawat kaisipan. "Ibinabagsak nito ang mga pag-iisip at bawat matataas na bagay na nagtataas sa kaniyang sarili laban sa kaalaman ng Diyos. Dinadala nitong alipin ang bawat kaisipan patungo sa pagsunod kay Cristo" (2 Mga Taga-Corinto 10:5).

Umpisahang baguhin ang iyong isip para maging tulad ng kay Kristo at tingnan ang iyong kalagayan katulad ng pagtingin ng Diyos, mula sa itaas. Kumuha ng isang "*Bible Promise Book*" mula sa isang Kristiyanong *bookstore* (napakamura lang nito) at ilagay sa iyong silid paliguan. Maraming babae ang ginagamit ito bilang kanilang *silid ng panalangin* kapag nasa bahay ang kanilang mga anak o asawa. Ito ay magiging isang lugar ng kapayapaan o kapanatagan kung saan maaari mong pagnilay-nilayan ang Kanyang mga pangako sa iyo.

Kumuha ng 3X5 *cards* at isulat ang iba't ibang talata sa Bibliya ng iyong magagamit upang baguhin ang iyong pag-iisip, makipaglaban sa Espiritu (ang Espada ng Espiritu ay ang Salita ng Diyos), o takbuhan kapag nakadaranas ng atake ng takot, pangamba o kasinungalingan. Itabi mo sa iyo ang mga ito at basahin ng paulit-ulit. Ihinto ang pagsasalita o pakikipag-usap tungkol sa iyong mga problema; makinig sa Diyos at basahin ang Kanyang mga Salita. Ang Mga Awit 1 ay nagbibigay ng pangako sa iyo: "Nagagalak siyang laging magsaliksik ng banal na aral, ang utos ni Yahweh siyang *binubulay sa gabi at araw*. Ang katulad niya'y isang punongkahoy sa tabing batisan, sariwa ang daho't laging namumunga sa kapanahunan; at *anumang gawin ay nakakatiyak* na **magtatagumpay**." Kung iyong babasahin at muling babasahin ang aklat na ito hanggang sa puntong ito ay masisira na o maglalaan ka ng panahon na gumawa ng 3X5 *cards* na may lamang mga Talatang kailangan mo, hindi mo maiiwasang magnilay-nilay sa Kanyang Salita. Lahat halos ng babae na aking nakilala na may naayos o nabuong buhay may-asawa ay ginawa ang isa o ang dalawang bagay na ito.

WALANG buhay may-asawa ang nasa sukdulan na! "Ngunit tiningnan sila ni Jesus at sinabi sa kanila: Para sa mga tao, hindi ito maaring mangyayari, ngunit sa Diyos ang lahat ng mga bagay ay maaaring mangyari" (Mateo 19:26). Muling tandaan na hindi totoo na kailangang magkasama kayo ng iyong asawa para humanap ng tulong upang baguhin o ayusin ang inyong buhay may-asawa. Nakita na naming ang mabuting "bunga" ng mga babaeng humiling sa Diyos na baguhin ang puso ng kanilang asawa, na kumilos sa kanila, at ang Diyos ay tapat. (Tingnan ang "mga bunga" sa Mateo 7:16, 20.) "Bakit mo nakikita ang puwing sa mata ng iyong kapatid, ngunit hindi mo pinapansin ang puwing mong gatahilan ang nasa mata mo? Paano mong masasabi sa iyong kapatid, 'Halika't alisin ko ang puwing mo;'gayong gatahilan ang nasa mata mo? Mapag-painibabaw! Alisin mo muna ang puwing na gatahilan at sa gayo'y makakikita kang mabuti at maaalis mo ang puwing ng iyong kapatid" (Mateo 7:3-5, Lukas 6:41). Ipinagdarasal rin namin ito para sa iyo: na makikita mo ng malinaw kung paano mo talaga matutulungan ang iyong asawa sa pamamagitan ng pagiging maka-Diyos na babae na may maamo at

matahimik na kalooban na nakangiti sa hinaharap o sa kinabukasan.

Gaano katagal? Maraming babae ang nagtanong na sa akin "gaano katagal" mawawala sa kanilang piling ang kanilang asawa o "gaano katagal" magpapatuloy ang kanilang mga pagsubok. Makakatulong kung titingnan mo ito bilang isang paglalakbay. Kung gaano katagal ay nakasalalay sa iyo. Habang may pinapakita ang Panginoon na isang aspeto kung saan Siya kumikilos, kumilos "ayon sa Kanya." Huwag magambala ng pang araw-araw na pamumuhay. Ihahatid ni Satanas ang "mga pangamba ng mundo" para tanggaling ang Banal na Salita mula sa iyo. Maghahatid din siya ng mga sitwasyon at mga krisis na aagawin ang atensyon mo mula sa iyong destinasyon—ang iyong nabuong pamilya!

Madalas ang ating paglalakbay ay parang "naantala." Sundin mo lang ang susunod na hakbang ng pagsunod. Ang aming "*Be Encouraged*" na mga video o "*audiotapes*" ay makakatulong. Kung ikaw ay napapagod na sa "paghihintay," huwag panghinaan ng loob. Ito ang panahon na ginagamit ng Panginoon upang palakasin pa ang ating pananampalataya at ipaling ang ating atensyon sa Kanyang pagkilos sa ating mga buhay. Ang tanging kailangan ay ang ating pagiging masunurin, na makakapagpalaya ng lakas espiritwal upang kumilos para sa atin. Hindi kinakailangan na bigyan tayo ng Diyos ng maraming paliwanag ng Kaniyang ginagawa. Alam natin na Kanyang isasagawa ang kanyang mga hangarin o layunin anumang mangyari kahit na tayo ay nakagawa ng pagkakamali. Dapat nating paniwalaan na Siya ay kumikilos sa mga tao at mga sitwasyon at inaayos ang mga kalagayan para sa Kanyang kabutihan para sa atin.

May MAS MARAMI pang Tulong!

Kami ay nag-aatubili sa oportunidad upang tulungan ka sa pamamagitan ng aming *website*. Bago pa yun, hayaan mong ipagdasal na kita ngayon pa lang . . .

"Mahal na Panginoon, patnubayan mo ang tanging kapatid kong ito sa kaguluhan sa kanyang buhay may-asawa. Maririnig niya ang Kanyang tinig at Siya ang laging kaalakbay niya upang ituro ang kanyang daraanan. (Isaias 30:21)

"Palakasin Mo ang kanyang loob kapag nakita niya na nabubuwal sa kanyang harapan ang sanlibong tao at sa kanyang paligid ang bilang ng mga patay ay maging sampung libo; tulungan Mo siyang maunawaan na kapag sumunod siya sa Iyo, hindi ito mangyayari sa kanya. (Mga Awit 91:7). Ikubli mo siya sa ilalim ng iyong mapagkanlong na pakpak."

"Tulungan Mo siya na matagpuan ang makitid na daan na humahantong sa buhay, ang masaganang buhay na iyong handog sa kanya at sa kanyang pamilya. Panginoon, ipinagdarasal ko ang isang testimonya kapag ang magulo at sirang buhay may-asawa na ito ay nalunasan at nabuong muli, na maari Mong gamitin para sa Iyong kaluwalhatian! Ibinibigay namin sa Iyo ang lahat na karangalan at kaluwalhatian, Amen."